## PROSESO NG REFERRAL

Ang opisina ng County District Attorney (DA) ay susuriin ang bawat kaso isa-isa, na magrerekomenda batay sa pagpapasya ng tagausig. Sinusuri ng DA ang lahat ng mga aplikasyon na isinumite ng mga abogado ng depensa. Kasunod, aabisuhan ng DA ang abogado ng depensa at Opisyal sa Korte ng DWI kung siya ay nakatutugon sa mga pamantayang legal upang maging karapat-dapat. Ang mga karapat-dapat na nasasakdal ay itatakda sa isang klinikal na pagtatasa/pagsasala kasama ang Opisyal sa Korte ng DWI upang masuri ang kanyang pangangailangan para sa pagpapapagamot at pagpayag na lumahok sa programa.

Sa sandaling sumang-ayon ang isang kliyente na lumahok sa Programa sa Korte ng DWI, ang kaso ay nakatakda para sa susunod na talaan (docket) sa Korte ng DWI para sa sentensya. Sa oras na iyon, haharap ang kliyente sa Hukom at tinatanggap sa programa. Ang legal na tagapayo ng kliyente ay inililipat sa Abogado sa Korte ng DWI (abogado ng depensa). Ang mga nagkasala ay hindi karapat-dapat kung sakaling sila ay kinasuhan o nahatulan sa pagtutulak ng droga, mga paglabag na sekswal, o marahas na mga pagkakasala. Bilang karagdagan, ang isang nagkasala ay walang malaking problema sa kalusugan ng kaisipan na makapagbabawal sa kanilang paglahok sa programa.

Ang mga karapat-dapat na nagkakasala ay dapat na hindi bababa sa labimpitong (17) taong gulang,gustong magbago, nahatulan ng ikalawang DWI. Siya ay maaaring maging kwalipikado para sa programa matapos masakdal sa unang pagkakataon sa DWI. Ang iba pa ay maaaring tanggapin kasama ang iba pang mga pagsakdal kung ang isang Pagkalulong sa Abuso ng Substansiya ay mapagkilanlan. Ang mga nagkasala na pinasok sa Programa sa Korte ng DWI ay maaaring tanggapin sa pamamagitan ng pagbabago ng kasalukuyang katakdaan ng Superbisyon sa Komunidad o sa pamamagitan ng pangunang pagtatalaga mula sa mga korte.

Ang mga nagkasala ay dapat na nakahanda sa paglahok na bukal sa loob at mayroong kakayahang dumalo sa lahat ng kinakailangan ng programa.

# Nagliligtas ng Mga Buhay ang mga Korte ng DWI

**Ang mga Korte ng DWI ay ang pinakamatagumpay sa estratehiya ng pagpigil sa makukulit na nakapipinsalang mga tsuper upang managot habang nakatitiyak na makatatanggap sila ng pagpapapagamot na makapagliligtas ng buhay.**

- Ang mga kalahok sa Korte ng DWI ay hindi tatasahin ng Gastos/Multa sa Korte
- Ang mga Kalahok sa Korte ng DWI ay hindi muna pag-uutusan ng korte na makapagtapos ng Restitusyon ng Serbisyo sa Komunidad
- Ang mga Kalahok sa Korte ng DWI ay magbabayad ng $60 bawat buwan ng singil sa superbisyon
- Ang mga kalahok ng DWI ay makatatanggap ng tulong upang maibalik ang kanilang lisensya sa pagmamaneho
- Ang mga kalahok ng DWI ay makakabitan ng aparatong Interlock nang may diskwento sa bayad


**Benita Avery, CCO II**
**DWI Court Coordinator**
**4520 Reading Road, Ste B**
**Rosenberg, TX 77471**
**281-633-7205**
**281-341-6034 fax**
**Benita.Avery@fortbendcountytx.gov**

KAGALANG-GALANG NA HUKOM
SHERMAN HATTON, JR.

COUNTY COURT AT LAW NO 6.

# FORT BEND COUNTY

# Nakakapagpabago at Nagliligtas ng Mga Buhay



# KORTE NG DWI

# ANO ANG KORTE NG DWI?

Ang Programa sa Korte ng DWI ay isang komprehensibong labindalawang (12) hanggang dalawampu't apat (24) na buwang programa na maaaring ipagpatuloy kung kinakailangan at marerepaso batay sa bawat kaso. Ang mga layunin na itinakda sa Programa sa Korte ng DWI ay kasama pa at hindi limitado sa proteksyon ng komunidad, pagbabawas ng pagbabalik-muli sa krimen (recidivism), pag-iingat ng pera ng mga tagabayad ng buwis, at pagpapanatili ng estilo ng pamumuhay na malaya sa alkohol at droga para sa nagkasala sa pamamagitan ng indibidwalisadong paggagamot, edukasyon, suporta ng kakosa, matinding superbisyon at pagbabago ng pag-iisip at pag-uugali ng mga kalahok.

Ang pahayag ng misyon sa Korte ng DWI ng Fort Bend County ay upang protektahan ang komunidad sa pamamagitan ng pagbawas sa mga pagbalik-muli sa krimen (recidivism) ng aming mga kalahok, sa gayo'y makasasagip ng buhay sa pamamagitan ng pagbabago ng pag-uugali habang sabay na pinupuwersa ang mga nagkasala na angkining pareho ang pananagutan laban sa kani-kanilang mga personal na problema at sa kanilang kriminal na pag-uugali upang malagot ang siklo ng pagkagumon.

## PROGRAMA

Binubuo ang Korte ng DWI ng Dalawang Hanay

Hanay I: Dibersyon Bago-Paglilitis (karapat-dapat sa pagpapawalang-saysay kapag natapos nang matagumpay)

Hanay II: Matapos ang Paghahatol

Binubuo ng tatlong (3) yugto:

Yugto Isa:

- Aparatong interlock ay kakailanganin (sa isang may diskwentong bayad)
- Paglahok sa paggagamot sa pamamagitan ng isang naaangkop na taga-serbisyo sa paggagamot
- Magpasailalim sa mga sapalaran (random) na pagsusuri ng ihi
- Magpakita sa Korte ng DWI dalawang beses sa isang buwan.
- Yugto Dalawa:
- Magakaroon ng karapatang tanggalin ang interlock.
- Sapalarang pagsusuri sa droga/alkohol ay magpapatuloy
- Ipagpapatuloy ang paggagamot at pagpapayo
- Ang pagdalo sa Korte ay mananatiling dalawang beses sa isang buwan

Yugto Tatlo:

- > Ang mga kalahok ay dadalo sa Aftercare
- Sapalarang pagsusuri sa droga/alcohol ay magpapatuloy
- Ang pagdalo sa korte ay bawat buwan

Ang kalahok ay kinakailangang dumalo ng dalawang Victim Impact Panels

---

Benita Avery

Tagapag-ugnay sa Korte ng DWI

281-633-7205

Stan Polk, Superbisor

281-238-3236